EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
Copenhagen, Helsinki, Oslo, Reykjavik, Stockholm

Mahalagang paalala para sa lahat ng mga Pilipino sa Norway

Kaugnay sa mga nakalulungkot na kaganapan sa Stockholm noong Biyernes at sa Grønland, Oslo noong Sabado ng gabi, ang lahat ay pinapaalalahanan na palaging maging maingat, alerto, kalmado at mapagmatyag sa kanyang paligid.

Ayon sa mga alagad ng batas dito, may banta ng panganib sa bansang ito katulad ng mga nangyari nitong mga nakaraang araw sa ibang panig ng Yuropa. Ayon sa Politi, ang panganib na ito ay maaaring mangyari sa loob ng walong linggo magmula sa ika-10 ng Abril 2017.

Para sa karagdagang kaalaman, mangyari po lamang basahin ang nakasaad sa ***https://www.politi.no/nyhet_16793.xhtml***

Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na tanggapan ng alagad ng batas kung may napansin kayong mga kaduda-dudang kaganapan at kilos ng mga tao sa inyong paligid.

Ang Pasuguan ay nakikiusap sa lahat na iparating ang paalalang ito sa iba pang mga kababayan.

Salamat.